Judicial Council of California "How to Attend Your Remote Court Proceeding on Zoom" Video Transcript — Tagalog

(Voice over)

Ang Zoom ay isang panteknolohiyang programang nagbibigay-daan para kumonekta ang mga tao sa parehong meeting mula saanmang lugar sa pamamagitan ng video. Puwedeng gumamit ang hukuman mo ng Zoom para maglitis. Sasabihin sa iyo ng video na ito kung paano sumali sa paglilitis mo sa Zoom sa takdang oras. Sasabihin din nito sa iyo kung paano sumali sa pagsasalin kung humiling ka ng interpreter.

Para sumali sa remote na paglilitis sa Zoom, kailangan mo ng device para sa video at audio. Pwede itong isang computer (gaya ng laptop o desktop), tablet o smartphone. Dapat may camera (para sa video) at mikropono (para sa audio) ang device. Dapat ding may access ito sa internet sa pamamagitan ng wired na koneksyon, wifi o cellular data.

Kung wala kang access sa isa sa mga device na ito, puwede kang tumawag sa isang remote na paglilitis ng hukuman sa Zoom gamit ang landline o mobile phone. Abisuhan mo ang hukuman kung kailangan mo ang opsyong ito lalo na kung kailangan mo ng pagsasalin.

Humigit-kumulang sampung minuto bago ang iyong nakatakdang paglilitis ng hukuman, sumali sa meeting sa pamamagitan ng pagpili sa link ng meeting sa Zoom o paglalagay nito sa web browser. O kaya, kung na-download mo ang Zoom application, buksan mo ito sa device mo. Pagkatapos, ilagay ang meeting ID at passcode ng meeting, kung kinakailangan. Makikita mo ang impormasyong ito sa imbitasyong natanggap mo mula sa hukuman.

Tandaan mo, kung ginagamit mo ang Zoom application, siguraduhin mong na-download mo ang lahat ng pinakabagong mga update lalo na kung dati mo nang na-install ang application sa device mo.

Kung gumagamit ka ng computer at hindi mo na-download ang Zoom application, puwede kang pumunta sa https://zoom.us/join sa anumang web browser. Ilagay mo ang meeting ID at piliin ang "Join." Tatanungin ka ng Zoom kung gusto mong i-download ang application o sumali gamit ang web browser. Piliin ang "Join from Your Browser."

Posible ring hilingin sa iyong ilagay mo ang pangalan mo kapag sumali ka lalo na kung hindi ka pa kumonekta sa Zoom sa device mo dati. Siguraduhin mong ilagay ang buo mong pangalan at hindi ito lalabas na "iPhone," numero ng telepono mo o pangalan ng ibang miyembro ng pamilya. Makakatulong ito sa hukuman na makilala ka.

Hihilingan ka rin ng Zoom na kumonekta sa audio at video. Siguraduhin mong payagan ang access sa camera mo at piliin ang “Join with Video” kung tatanungin ka. Kung tatanungin kung paano mo gustong sumali sa audio, piliin ang audio ng device mo o kumonekta sa Wi-Fi. Sa isang telepono o tablet, puwede ka ring kumonekta gamit ang cellular data kung gusto mo. (Tandaan mong may mga singil sa data.) Kung walang mikropono ang device mo, puwede kang gumamit ng telepono para sa audio. Sumangguni sa imbitasyon ng meeting at tumawag sa isa sa mga nakalistang numero ng telepono. Sundin ang mga kahilingan para ilagay ang meeting ID at passcode mo, kung kinakailangan. Muli, abisuhan mo ang hukuman kung tatawag ka lalo na kung kailangan mo ng interpreter.

Kapag sumali ka, maaaring kailanganin mong maghintay hanggang sa simulan ng hukuman ang meeting o papasukin ka nito sa meeting. Kung mangyayari ito, makakakita ka ng abisong maghintay hanggang sa papasukin ka ng host. Kung may iba pang mga kaso bago ang kaso mo, maaaring kailanganin mong maghintay hanggang sa tawagin ang kaso mo.

Kapag pinapasok ka ng hukuman, makikita mo ang ibang mga kalahok sa screen. Siguraduhin mong nakikita mo sila nang malinaw at nakikita ka nila. Sa isang computer, posibleng kailanganin mong piliin ang “Gallery View” mula sa menu na “View” para makita ang lahat ng kalahok. Kapag pinili ang “Speaker View,” ang taong nagsasalita lang ang makikita. Sa isang smartphone o tablet, puwede mong pindutin ang icon na may siyam na parisukat para sa gallery view. Posibleng kailanganin mong mag-swipe para makita ang lahat ng iba pang mga kalahok.

Umupo nang direkta sa harap ng camera mo para makita ka nang buo. Siguraduhin mong naka-mute ang mikropono mo, na may pulang slash sa icon na mikropono.

Tandaan mong posibleng pumili ang hukuman ng ilang tiyak na setting na magkokontrol sa makikita at magagawa mo. Halimbawa, posibleng hindi pinagana ng hukuman ang gallery view. Posible ding nilagay nito sa mute ang mga mikropono ng lahat ng kalahok. Kung gayon nga, makakatanggap ka ng mensaheng humihiling sa iyong mag-unmute kapag pagkakataon mo nang magsalita.

Kung humiling ka ng interpreter para sa iyong paglilitis ng hukuman, dapat kang pumili ng channel ng wika kapag sumali ka sa meeting. Sa isang computer, piliin ang icon na globo sa toolbar. Pagkatapos, piliin mo ang wikang gusto mong salitain at marinig. Sa isang tablet o smartphone, piliin ang icon na “More” o tatlong tuldok. Piliin ang “Language Interpretation” mula sa lalabas na menu tapos, piliin mo ang wika mo. Siguraduhin mong piliin ang “Done” para kumpirmahin ang pinili mo at mapunta ka sa channel ng wika mo.

Kapag nasa channel ka na ng wika mo, maririnig mong nagsasalita ang interpreter. Maririnig mo rin ang mga panig na nagsasalita ng Ingles nang napakahina. Kung ayaw mong marinig ang mga panig na nagsasalita ng Ingles, piliin ang “Mute original audio” mula sa menu ng pagsasalin ng wika.

Sa buong paglilitis, huwag abalahin ang hukom o ang iba habang nagsasalita sila. Pero *ipaalam* mo sa hukom kung mayroon kang mga tanong o mga problemang teknikal. Puwede mo itong gawin sa Zoom gamit ang icon na “raise hand”. Makakarating ka sa icon na ito sa pamamagitan ng pagpili sa icon na “reactions” sa isang computer o ang tatlong tuldok (o menu na “more”) sa isang smartphone. Kapag ginamit ang icon na “raise hand,” magkakaroon ng isang maliit na kamay sa tabi ng pangalan mo at sa video mo. Sinesenyas nito sa hukom at sa iba pang mga kalahok na may tanong o problema ka.

Sa pagtatapos ng iyong paglilitis ng hukuman, puwedeng tapusin ng hukuman ang meeting o sasabihin nito sa iyong puwede ka nang umalis. Piliin mo ang pulang button na “Leave Meeting” para lumabas sa meeting.

Umaasa kaming nakatulong sa iyo ang video na ito para maghandang dumalo sa iyong remote na paglilitis ng hukuman sa Zoom. Baka gusto mo ring panoorin ang “Paghahanda para sa Iyong Remote na Paglilitis ng Hukuman sa Zoom” at suriin na rin ang mga kasamang mapagkukunan ng impormasyon. Tingnan ang website ng iyong lokal na hukuman para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Puwede ring may mga direktang link ang website ng hukuman para dumalo gamit ang video o telepono.

Salamat!